SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG NOBYEMBRE 25, 2024, LUNES, IKA-09:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
RELEASED
NAME
DATE 12 11 24
TIME
STA. CRUZ, LAGUNA

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE
RECORDED
By:
09 DEC 2024
Santa Cruz, Laguna

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad – legal reason |

**KAPASIYAHAN BLG. 394-T2024**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 64-T2024 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 09-T2024 NG SANGGUNIANG BARANGAY NA NAGKAKAHALAGA NG ISANG DAAN APATNAPU'T ISANG LIBO WALONG DAAN ANIMNAPU'T ISANG PISO AT LIMAMPUNG SENTIMOS (P141,861.50) MULA SA LIMANG BAHAGDAN (5%) PONDO SA KALAMIDAD NANG TAONG 2024 PARA SA BARANGAY DISASTER RISK REDUCTION MANAGEMENT (BDRRM) PLAN NG BARANGAY ALIPIT.**

**SAPAGKAT,** ang Kapasiyahan Blg. 64-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 09-T2024 ng Barangay Alipit ay iniliwat sa sangguniang ito, na nagpapatibay ng halagang P141,861.50 mula sa Limang Bahagdang (5%) Pondong Kalamidad nang taong 2025 para sa BDRRM Plan, na ang 70% nito ay inilaan sa Disaster Preparedness (P99,303.05) at ang 30% naman ay para sa Quick Response (P42,558.45) ng Barangay Alipit, ayon sa pagsunod sa Philippine Disaster Risk Reduction Management Act of 2010 o RA 10121;

**SAPAGKAT**, ito ay tinalakay ng mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagtalakay at malaman ang kahalagahan ng paglalaan ng pondo para sa paghahanda at biglaang pangangailangan ng barangay ay iminungkahi ng Tagapamuno ng kaukulang lupon ang pagpapatibay sa nasabing kapasiyahan ng barangay.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw (Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Norman T. Tolentino, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Ambiel John C. Panganiban at Kgg. Lucena R. Odejar at pagkakaisa ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 64-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 09-T2024 ng Sangguniang Barangay na nagkakahalaga ng P141,861.50 mula sa Limang Bahagdan (5%) Pondo sa Kalamidad nang taong 2025 para sa Barangay Disaster Risk Reduction Management (BDRRM) Plan ng Barangay Alipit.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Alipit, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Nobyembre 25, 2024**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan / Tagapangulo

12-06-24

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan



12052444